

Alamin ang tungkol sa lindol

Sinasabing ang lindol na may magnitude 7 sa seismic intensity scale ay maaaring tumama saan man sa Japan anumang oras.
Anong uri ng lindol ang posibleng tumama sa Lungsod ng Kofu?

01

Uri ng lindol


Mayroong dalawang uri ng lindol: ang "inland earthquake" na nagaganap sa mga lugar na malapit sa mga aktibong fault line o pagkawasak sa loob ng plate, at ang "trench-earthquake" na nangyayari dahil sa pagtalon ng plate malapit sa mga trench sa karagatan.

02

Inaasahan ang seismic intensity na 6 o mas mataas sa Lungsod ng Kofu.


Noong Great East Japan Earthquake na naganap noong Marso 2011, isang seismic intensity na 7 ang naobserbahan sa hilagang bahagi ng Miyagi Prefecture, at isang seismic intensity na 6 o mas mataas ang naobserbahan sa mga prepektura ng Miyagi, Fukushima, Ibaraki, at Tochigi at malaking lugar mula Hokkaido hanggang Kyushu. Naobserbahan namin ang mga pagyanig mula sa magnitude 6 sa seismic scale hanggang sa magnitude 1. Kasunod ng pangunahing lindol, marami rin malakas na aftershocks ang nangyari na nagdulot ng malalaking pinsala. Ang lindol sa Nankai Trough ay inaasahan na magkakaroon ng 70-80% na posibilidad na mangyari sa loob ng susunod na 30 taon, at ang Lungsod ng Kofu ay inaasahang makakaranas ng pagyanig na may seismic intensity na 6 pababa o pataas, na mas mataas kesa sa 5 pababa na seismic intensity na naranasan noong Great East Japan Earthquake. Bukod pa rito, dahil ang ilang mga lugar ay may mataas na panganib nang pagkatunaw ng lupa, inaasahan na ang lindol na ito ay magdudulot ng pinsala sa tao dahil sa pagbagsak ng mga gusali at pagkasira ng mga dalisdis. Bilang karagdagan, pinaniniwalaan na lubhang pinsala ang magaganap, kasama ang pagkasira sa mga linya ng buhay na makakaapekto sa buhay ng mamamayan.

Inland earthquake



Ang isang aktibong fault ay gumalaw at naganap ang isang lindol

Trench earthquake



Nagaganap ang mga lindol kapag gumagalaw ang mga plate



Pinsala na dulot ng Great East Japan Earthquake

Kuha mula sa NPO Disaster and Disaster Prevention Volunteer Future Society

| Alamin natin ang laki ng isang lindol |

10

Ang magnitude ay nagpapakita ng laki o enerhiya ng lindol, at kapag ito ay lumaki ng isang unit, ang enerhiya ay lumalaki ng halos 32 beses. Ang lakas ng pagyanig na dulot ng lindol sa bawat rehiyon ay tinatawag na seismic intensity. Sa Japan, ito ay inilalagay sa 10 kategorya (0, 1, 2, 3, 4, 5 na mas mababa, 5 na mas mataas, 6 na mas mababa, 6 na mas mataas, 7.) Kahit maliit ang magnitude ng lindol, kung malapit ito sa pinanggagalingan ng pagyanig, magiging malakas ang intensity nito. Sa kabilang banda, kahit malaki ang magnitude, kung malayo ito sa pinanggagalingan ng pagyanig, magiging mahina ang intensity nito.

Seismic
Intensity
na 4



Magugulat ang karamihan. Ang mga bagay na nakasabit tulad ng ilaw ay maaaring umuga nang malakas, at ang mga bagay na hindi maayos na nakalagay ay maaaring bumagsak.

Seismic
Intensity
na mas
mababa sa
5



Karamihan sa mga tao ay nakakaranas ng takot at nararamdaman ang pangangailangan na humawak sa mga bagay. Maaaring mahulog ang mga gamit sa mesa at mga libro sa mga istante.

Seismic
Intensity
na mas
mataas sa
5



Maaaring mahihirapan kang gumalaw at maglakad nang hindi nakahawak sa mga bagay. Maaaring bumagsak ang mga kasangkapan na hindi nakakapit.

Seismic
Intensity
na mas
mababa sa
6



Hirap sa pagtayo. Maaaring masira at mahulog ang mga tile sa pader at salamin sa bintana.

Seismic
Intensity
na mas
mataas sa
6



Hindi makatayo at hindi makagalaw nang hindi gumagapang. Karamihan sa mga muwebles na hindi nakakapit ay maaaring gumalaw o mahulog.

Seismic
Intensity
na 7




Pinakamataas na seismic intensity sa panahon ng Great East Japan Earthquake

Sila ay sobrang nayanig ng lindol kaya hindi na makagalaw at minsan ay tumitilapon. Karamihan sa mga hindi nakakapit o nakadikit na kasangkapan ay gumagalaw, at ang iba rito ay lumilipad.

Sabay-sabay nating suriin



Kung walang mga aktibong fault na malapit sa iyong tahanan, nag-aalala ka ba tungkol sa malaking pinsala kung magkakaroon ng lindol?



Ang mga aktibong fault ay hindi lamang ang alam natin ngayon. May mga insidente kung saan naganap ang mga lindol sa mga hindi tukoy na lugar. Tandaan na ang mga lindol ay maaaring mangyari kahit saan sa kabila ng kung may aktibong fault man. Paulit-ulit na naganap ang malalaking lindol sa Lungsod ng Kofu. Mahalagang malaman ang tungkol sa mga lindol, gumawa ng mga hakbang ukol dito, at maging ganap na handa.

Lindol

Pinsala ng
hangin at baha

Pagguho
ng lupa

Pinsala dulot
ng niyebe

Sunog

Maghanda

Sentro ng
Paglikas FAQ

Alamin ang pinsala

Alamin kung anong uri ng mga sakuna ang maaaring mangyari dahil sa mga lindol, pag-isipan ang mga aksyon na dapat mong gawin at mangolekta ng impormasyon, at gumawa ng mga hakbang sa pag-iwas.

01

Iba't ibang sakuna dulot ng lindol

Kabilang sa mga sakuna na dulot ng lindol ang mga pangunahing sakuna na direktang dulot ng mga lindol, at mga pangalawang sakuna na sanhi ng mga pangunahing sakuna. Sa gitna ng sakuna, isa sa mga karaniwang pangyayari ay ang pagbagsak ng mga gusali at istraktura. Gumuguho ang mga gusali dahil sa malakas na pagyanig o mahinang lupa. Kabilang sa iba pang pangunahing sakuna ang mga pagguho at pagkatunaw ng lupa. Kabilang sa mga pangalawang sakuna ang sunog at pagkaputol ng mga linya ng buhay gaya ng kuryente, gas, tubig, kagamitan sa komunikasyon, at mga kalsada.



[Pangunahing sakuna]




[Pangalawang sakuna]

02

Mag-ingat sa mga sunog na dulot ng lindol

Ang mga sunog na nangyayari bilang pangalawang sakuna pagkatapos ng lindol ay maaaring magdulot ng maraming pinsala. Upang maiwasan ang mga sunog na maaaring mangyari pagkatapos na maibalik ang kuryente kasunod ng isang lindol, patayin ang mga switch ng mga gamit sa bahay at tanggalin ang mga power plug mula sa mga saksakan pagkatapos mawalan ng kuryente. Kung aalis ng bahay dahil sa paglikas, siguraduhing nakapatay ang circuit breaker.



03

Pag-isipan natin ang paggawa ng mga gusali na earthquake resistant.

Marami ang namamatay dahil sa pagguho ng mga gusali pagkatapos ng lindol. Ang earthquake resistance ng mga gusali ay isang napakahalagang hakbang upang maprotektahan ang mga buhay at arian mula sa mga sakuna. Ang lungsod ay nagtatag ng consultation desk na layong itaguyod ang mga hakbang sa earthquake resistance, tulad ng seismic diagnosis at retrofitting ng mga kasalukuyang gusali, pag-iwas sa pagguho ng mga konkretong bloke na pader, at iba pa. Mayroon din sistema ng subsidy para sa seismic retrofitting ng mga kahoy na bahay.



Earthquake resistance
ng mga gusali sa
Lungsod ng Kofu

Architectural Guidance Division Tel. 055-237-5828

Tingnan natin ang mapa ng panganib sa lindol

Ang lungsod ay naglathala ng isang mapa ng panganib ng lindol na nagpapakita ng posibilidad ng lindol at panganib nang pagguho ng mga gusali.


Mapa ng panganib sa lindol ng
Lungsod ng Kofu



Ano ang liquefaction phenomenon?

Ang liquefaction ay isang phenomenon kung saan ang lupa ay pansamantalang nagiging parang likido dahil sa isang lindol. Kapag nagkaroon ng liquefaction, maaaring magdulot ito ng mga pinsalang gaya nang pagbaba ng lupa, pag-angat ng mga istraktura, at ang pagdaloy ng lupa pababa. Maaari itong magdulot ng pinsala tulad nang pagtagilid ng mga gusali, pagkasira ng mga tubo ng tubig sa ilalim ng lupa at mga kable ng kuryente, at pag-angat ng mga manhole.

[Mekanismo ng liquefaction]




Lungsod ng Kofu
Mapa ng panganib sa
liquefaction



Sabay-sabay nating suriin



Dapat ba akong magmadali upang gawing earthquake resistant ang aking lumang bahay?



Humigit-kumulang 80% ng mga biktima ng Great Hanshin-Awaji Earthquake noong 1995 ang namatay dahil sa pagguho ng mga gusali. Marami sa mga gusaling nasira sa panahong ito ay itinayo bago ang Mayo 1981, bago binago ang Building Standards Act.

Ang mga gusaling nakaligtas sa pangunahing pagyanig ay maaaring gumuho dahil sa mga kasunod na aftershocks. Ang pagiging earthquake resistance ng mga gusali ay hindi pa nakakausad nang sapat. Tiyaking makakakuha ng earthquake resistance diagnosis.

Mga pag-iingat sa lindol sa bahay

Sinasabing 30 hanggang 50% ng mga pinsalang dulot ng lindol ay sanhi ng pagtaob, pagkahulog, o paglipat ng mga kasangkapan. Sa kaganapan ng isang lindol, ang mga kasangkapan ay maaaring maging isang nakamamatay na sandata kaya mag-ingat sa pamamagitan nang pag-aayos at pagkukumpuni ng mga kasangkapan.

Mga hakbang na pangkaligtasan sa bahay

Mga bookshelf, refrigerator, at iba pa



Kung mataas ang gamit, gumamit ng L-shaped bracket para ma-secure ito. Isiksik ang mga pole-style na kagamitan sa pagitan ng kisame at kagamitan, at i-secure ito.

Air conditioner

Mahigpit na ikabit gamit ang mga espesyal na brackets.

Kagamitan sa pag-iilaw


Hindi lamang dapat gamitin ang kable o alambre para sa pagtali, gumamit din ng kadena o iba pang tulad nito para mas ma-secure ang mga bagay.

Telebisyon

Ayusin sa isang pader o TV stand. Ang paglalagay ng earthquake-resistant adhesive mat ay magpapataas ng resistensya sa pagyanig.

Salamin ng bintana

Maglagay ng isang film na hindi nababasag.



Piano

Ikabit ang anti-slip sa mga casters.

Aparador

Gumamit ng L-shaped brackets, pole-style fixtures, anti-tip pads, at iba pa upang i-secure ito.

Istante

Huwag maglagay ng mga mapanganib na bagay, at kung maglalagay ng glass doll case, at iba pa, mahigpit itong ikabit.



Aparador ng pinggan

Ayusin ito sa dingding gamit ang L-shaped brackets. Maglagay ng mga tela o kumot sa mga istante para hindi mahulog ang mga pinggan. Pinipigilan ng isang door opening prevention device ang mga gamit gaya ng tableware na mahulog.

Tingnan natin!




- | | | | |
|--|---|--|--|
| ☐ Telebisyon | ☐ Istante ng mga libro | ☐ Salamin ng bintana | ☐ Microwave oven |
| ☐ Air conditioner | ☐ Aparador | ☐ Aparador ng mga pinggan | ☐ Lamesa at ang mga upuan |
| ☐ Istante | ☐ Kagamitan sa pag-iilaw | ☐ Refrigerator | ☐ Nakasabit na cabinet |

Suriin ang pag-secure ng mga kasangkapan

Mga tip para sa pag-aayos ng mga kasangkapan!


L-shaped bracket

- Ayusin sa isang lokasyon kung saan mayroong baseng materyal tulad ng stud.
- Ang gypsum board at manipis na wall board ay mahina para ikabit.
- Tataas ang lakas kung ang L-shaped bracket ay nakakabit papaba.



Kagamitan na tulad ng poste

- Ikabit ito sa likod ng magkabilang dulo ng muwebles.
- Kung mas maikli ang distansya sa kisame, mas matatag ito.



Mga ideya sa paglalagay ng muwebles

Huwag maglagay ng anumang muwebles sa living space.

- Gumamit ng fixed storage na kasangkapan.
- Kapag nag-iimbak ng mga kasangkapan, ilagay ang mga ito nang magkakasama sa silid-imbakan.



Pag-secure ng mga ruta ng paglikas

- Huwag itong ilagay sa pintuan o pasilyo ng isang silid.
- Huwag harangan ang mga pinto o ruta ng paglikas.




Isipin ang direksyon kung saan ikaw ay babagsak

- Subukang iwasan ang pagbaksak ng muwebles sa iyo.
- Kapag natutulog, ikaw ay walang kalaban-laban, kaya mahalagang panatilihin ang kaunting mga bagay hangga't maaari sa iyong silid-tulugan.



Ilagay ang mga mabibigat na bagay sa ibaba.

- Ilagay ang mga mabibigat na bagay sa ilalim upang bumaba ang timbang ng kabuuan.



Sabay-sabay nating suriin



Kung sakaling magkaroon ng malakas na lindol, kahit na hindi gumuho ang gusali, may panganib din sa loob ng bahay.



Sa panahon ng isang malaking lindol, lumilipad ang mga kasangkapan at kagamitan sa bahay sa halip na mahulog! Ang pinto ng aparador ay magbubukas din at ang mga pinggan ay lilipad at masisira na pwedeng lumikha ng isang napakadelikadong sitwasyon. Mangyaring isipin na ang mga bagay na ginagamit natin sa araw-araw ay maaaring maging nakakamatay na sandata. Ang pag-secure ng mga kasangkapan at kagamitan sa bahay ay isa sa mga pangunahing kaalaman sa pag-iwas sa sakuna. Suriin natin ito ngayon at gumawa ng mga hakbang.

Protektahan ang iyong sarili mula sa mga lindol ①

Isang lindol ang naganap! Ano ang dapat nating gawin?


Isipin kung ano ang maaari mong gawin upang maprotektahan ang iyong sarili.

Maagang babala sa lindol

Pangyayari ng lindol

~2 minuto

Ilang segundo hanggang ilang dosenang segundo bago mangyari ang lindol



Kung ang pagyanig na may **seismic intensity na mas mababa sa 5** o mas mataas ay inaasahan sa lungsod, isang maagang babala sa lindol ang maririnig mula sa speakers ng pang-administratibong radyo sa pag-iwas sa kalamidad.

Malaking lindol! Malaking lindol! Bibigyan ka namin ng maagang babala sa lindol. Mag-ingat sa malakas na pagyanig!

*Kung malapit ang epicenter, maaaring hindi dumating ang balita sa tamang oras.

Magtago sa ilalim ng mesa at tiyakin ang iyong kaligtasan!

Mga aksyon upang matiyak ang kaligtasan sa panahon ng lindol 1-2-3

DROP!



① Una, umupo

COVER!



② Protektahan ang iyong ulo

HOLD ON!



③ Huwag gumalaw

Ang lungsod ay nagsasagawa ng shakeout na pagsasanay upang ituro ang pangkaligtasan 1-2-3 kung sakaling magkaroon ng lindol: "Manatiling nakaupo, protektahan ang iyong ulo, at huwag gumalaw."



Ano ang shakeout?

Mga puntos na dapat tandaan

Kapag nagkaroon ng lindol

Protektahan muna ang iyong sarili!

Ang aksyon na dapat mong gawin kapag naganap ang isang lindol ay tiyakin ang iyong sariling kaligtasan. Protektahan ang iyong ulo at katawan sa isang ligtas na lugar at hintayin na humupa ang pagyanig.

Kaagad pagkatapos ng lindol

Mahinahong suriin ang pinagmulan ng apoy.

Kung ikaw ay gumagamit ng apoy, suriin ito matapos humupa ang pagyanig. Ang pagtangka na apulahin ang apoy habang may pagyanig ay mapanganib at maaaring magdulot ng pinsala.

Mag-ingat sa mga pinsala sa loob ng bahay.

Maaaring mabuwal o mahulog ang mga kagamitan sa bahay tulad ng mga kasangkapan at aparato. Maging maingat sa mga piraso ng salamin at iba pang mga panganiib.

Huwag magmadali sa paglabas.

Maaaring mahulog ang salamin sa bintana, mga tile sa bubong, mga signboard, at iba pa.

Matapos ang pangyayari

Mangalap ng tamang impormasyon.

Kunin ang tamang impormasyon ukol sa sitwasyon ng pinsala dulot ng lindol at mga lugar ng paglikas, at pagkatapos ay kumilos nang mahinahon.

Mag-ingat sa mga aftershocks!

① Protektahan ang iyong sarili

Tiyakin ang pinagmulan ng apoy.

- Kung may sunog na nagaganap, simulan ang unang hakbang nang pag-aapula (gamit ang mga fire extinguisher o kagamitang pang-apoy).

Tiyakin na may daanan sa mga labasan.

- Buksan ang mga bintana at pinto.

Kumpirmahin ang kaligtasan ng iyong pamilya.



Paghahanda sa paglikas

- Maghanda ng emergency evacuation kit.
- Patayin ang circuit breaker.
- Isara ang pangunahing balbula ng gas.

② Pagtutulungan sa kapitbahay

Kumpirmahin ang kaligtasan ng iyong mga kapitbahay.

- Kumpirmahin ang kaligtasan ng iyong mga kapitbahay.
- Makipagtulungan sa pagsasagawa ng pagliligtas at pangunang lunas.



Pagsusuri sa pinsala sa bahay



Depende sa sitwasyon ng pinsala

③ Paglikas

Pansamantalang lumikas sa lugar ng paglikas



- ▶ Kung may pinsala sa bahay at hindi ka maaaring mamalagi doon

① Lumikas sa itinalagang lugar ng paglikas



- Sa pasukan, maglagay ng abiso na ikaw ay lumikas.
- I-lock ang pinto (mag-ingat sa mga magnanakaw).
- ▶ Kung walang pinsala sa iyong bahay

② Pananatili sa bahay


- Ang pagkain at pang-araw-araw na mga pangangailangan ay maaaring masakop sa pamamagitan nang pag-iimbak.
- Patrol para sa pag-iwas sa krimen

Mangalap ng impormasyon tungkol sa lungsod mula sa website ng Lungsod ng Kofu at sa disaster prevention app nito. Kung hindi magamit ang iyong mobile phone, tingnan ang pinakabagong impormasyon sa lugar ng paglikas.

Sabay-sabay nating suriin



Anong uri ng mental na paghahanda ang mahalaga upang hindi mataranta kapag nagkaroon ng lindol?



Inaasahan ang iba't ibang kaguluhan pagkatapos ng malakas na lindol. Mahalaga na isaisip na "tayo mismo ang magpoprotekta sa ating mga sarili, at sa ating mga mahal sa buhay." Kapag malapit ang epicenter, maaaring hindi agad makatanggap ng maagang babala ng lindol kaya mahalagang kumilos para protektahan ang iyong sarili sa sandaling makaramdam ng pagyanig. Mahalaga na magkaroon ng masusing pag-uusap ang pamilya tungkol sa mga lugar na paglilikasan at mga kinakailangan na suplay.

Protektahan ang iyong sarili mula sa mga lindol. ②

Hindi natin alam kung kailan mangyayari ang isang lindol. Panoorin at pakinggan ang maagang babala ng lindol at alamin kung ano ang dapat gawin kung nakakaramdam ng pagyanig.

Sitwasyon sa loob ng bahay

Sala

Gumapang papunta sa ilalim ng matibay na kagamitan tulad ng mesa, humawak sa mga paa nito, protektahan ang iyong ulo, at hintaying tumigil ang pagyanig. Magandang ideya rin na protektahan ang iyong ulo gamit ang isang unan o kahalintulad na bagay.



Kusina

Lumayo sa mga aparador at refrigerator. Suriin ang pinagmulan ng apoy pagkatapos humupa ang pagyanig. Sa kaganapan ng sunog, gamitin ang isang fire extinguisher o kahalintulad na kagamitan upang ito ay maapula. Kung ang apoy ay kumalat sa kisame, agad na lumikas mula sa lugar.



Silid-tulugan

I-secure ang iyong sarili sa ilalim ng kama. Palaging maghanda ng flashlight, tsinelas, helmet, sipol, at iba pa sa tabi ng iyong kama.



Banyo/palikuran

Madaling masugatan sa banyo at madaling makulong sa palikuran kaya kung nakakaramdam ka ng pagyanig, lumipat sa isang mas ligtas na lugar.



Komersyal na pasilidad

Sa mga supermarket at convenience store, protektahan ang iyong ulo gamit ang isang shopping cart, lumayo sa mga bintana at mga aparador, at magkubli malapit sa mga poste o pader. Sa mga lugar na maraming tao, huwag magmadali papunta sa labasan.




Housing complex

Sa mga gusali ng apartment at katulad na mga residential complex, huwag gumamit ng elevator kapag lumilikas.




Gusali

Kapag mas mataas ang mga palapag ng isang mataas na gusali, mas malakas ang pag-uga. Lumayo sa mga bagay na madaling mahulog tulad ng salamin sa bintana at kagamitan sa pag-iilaw. Huwag gumamit ng mga escalator o elevator sa paglikas.



Elevator

Pindutin ang lahat ng mga pindutan at bumaba sa kung saan ito hihinto. Kung ikaw ay nakulong, gamitin ang emergency button o intercom upang makipag-ugnayan at maghintay ng tulong.



Sa mga sitwasyon sa labas

Sa kalsada

Mag-ingat sa mga bumabagsak na pader, signboard, at basag na salamin, at lumikas sa isang bakanteng lote o parke habang pinoprotektahan ang iyong ulo gamit ang isang bag. Kung may gusaling mukhang matibay, sumilong dito.

Lumayo sa mga vending machine, pader na gawa sa konkreto, poste ng kuryente, at iba pa, at mag-ingat sa mga putol na linya ng kuryente.



Bundok/Burol

Lumayo hangga't maaari sa mga lugar kung saan may panganib nang pagbagsak ng mga bato o landslide, at iba pa.



Para sa mga sasakyan

Tren/Bus

Protektahan ang iyong ulo gamit ang isang bag, at iba pa, at kumapit sa handrail o strap. Siguruhing susunod sa mga tagubilin ng mga kawani tulad ng drayber.



Habang nagmamaneho ng sasakyan


Huwag biglang preno. I-flash ang iyong hazard light, unti-unting bawasan ang iyong bilis, huminto sa kaliwang bahagi ng kalsada o sa isang bukas na lugar, at patayin ang makina. Kapag iiwan ang iyong sasakyan at lilikas, huwag i-lock ang mga pinto at iwanan ang mga susi sa kotse.



Sabay-sabay nating suriin



Kapag nagkaroon ng malaking lindol, tama ba na huwag agad patayin ang gas stove? Pakituro rin kung ano ang maaaring gawin nang regular upang matiyak ang kaligtasan.



Ang propane gas at city gas ay nilagyan ng "microcomputer meter", at kung ang isang lindol na may seismic intensity na 5 o mas mataas pa ay mangyari, ang gas ay awtomatikong hihinto. Kung walang problema sa suplay ng gas pagkatapos ng lindol, maaari mong gamitin ang gas sa pamamagitan nang pagre-reset ng microcomputer meter. Suriin ang proseso ng restorasyon nang maaga. Mahalaga rin na araw-araw mong suriin ang iyong bahay, lugar ng trabaho, at mga daanan papunta roon para sa mga mapanganib na lugar, at isipin kung paano ito haharapin.